**SNAP at FDPIR Form ng Pahayag ng Walang Diskriminasyon para sa Magkasamang Aplikasyon**

Alinsunod sa mga Pederal na batas sa karapatang sibil at U.S. Kagawaran ng Pagsasaka (USDA) mga regulasyon at patakaran sa karapatang sibil, ang USDA, mga ahensya, tanggapan, at empleyado nito, at mga institusyong nakikilahok o nangangasiwa sa mga programa ng USDA ay ipinagbabawal na magdiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian at oryentasyong sekswal), paniniwala sa relihiyon, kapansanan, edad, paniniwala sa pulitika, o paghihiganti para sa naunang aktibidad ng karapatang sibil sa anumang programa o aktibidad na isinagawa o pinondohan ng USDA. Mga programang tumatanggap ng tulong pinansyal ng Pederal mula sa U.S. Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao (Department of Health and Human Services, HHS), gaya ng Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families, TANF), at mga programang direktang pinapatakbo ng HHS ay ipinagbabawal din sa diskriminasyon sa ilalim ng mga Pederal na batas sa karapatang sibil at mga regulasyon ng HHS.

Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon para sa impormasyon ng programa (hal., Braille, malaking print, audiotape, Senyas na Wika ng Amerikano), ay dapat makipag-ugnayan sa ahensya (estado o lokal) kung saan sila nag-aplay para sa mga benepisyo. Ang mga indibidwal na bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Serbisyong Federal Relay sa (800) 877-8339. Dagdag pa rito, maaaring maging available ang impormasyon ng programa sa mga wika maliban sa Ingles.

**MGA REKLAMO SA KARAPATANG SIBIL NA KASANGKOT NG MGA PROGRAMA NG USDA**

Nagbibigay ang USDA ng tulong pinansyal ng Pederal para sa maraming programa sa seguridad sa pagkain at pagbabawas ng gutom gaya ng Programang Tulong sa Suplemental na Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), Programa sa Pamamahagi ng Pagkain o mga Reserbasyon ng Indiyano (Food Distribution Program on Indian Reservations, FDPIR) at iba pa. Para mag-file ng reklamong diskriminasyon sa programa, kumpletuhin ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Programa, (AD-3027) na matatagpuan online sa:
https://www.fns.usda.gov/sites/default/files/resource-files/ad3027-tagalog.pdf
at sa anumang tanggapan ng USDA o sumulat at i-address sa USDA at sabihin sa sulat ang lahat ng impormasyong hiniling sa form. Upang humiling ng kopya ng form ng reklamo, tumawag sa (866) 632-9992. Isumite ang iyong nakumpletong form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng:

1. **sulat**: Food and Nutrition Service, USDA
   1320 Braddock Place, Room 334, Alexandria, VA 22314; o
2. **fax:** (833) 256-1665 or (202) 690-7442; o
3. **telepono:** (833) 620-1071; o
4. **email**: FNSCIVILRIGHTSCOMPLAINTS@usda.gov.

Para sa anumang iba pang mga isyu ukol sa SNAP, maaring makipag-ugnayan ang mga tao sa USDA SNAP Hotline Number sa (800) 221-5689, na nasa Espanyol din, o tawagan ang mga Numero ng Impormasyon sa Estado/Hotline (i-click ang link para sa listahan ng hotline na mga numero ayon sa estado); na matatagpuan online sa: https://www.fns.usda.gov/snap/state-directory.

**MGA REKLAMO SA KARAPATANG SIBIL NA NAUUGNAY SA MGA PROGRAMA NG HHS**

Nagbibigay ang HHS ng Pederal na Tulong Pinansyal para sa maraming programa para mapahusay ang kalusugan at kagalingan, kabilang ang TANF, Head Start, ang Programang Tulong sa Enerhiya sa Tahanan ng Mababang Kita (Low Income Home Energy Assistance Program, LIHEAP), at iba pa. Kung naniniwala ka na nadiskrimina ka dahil sa iyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, edad, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, oryentasyong sekswal, at pagkakakilanlan ng kasarian), o relihiyon sa mga programa o aktibidad na direktang pinapatakbo ng HHS o kung saan ang HHS nagbibigay ng tulong pinansyal ng Pederal, maaari kang magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR) para sa iyong sarili o para sa ibang tao.

Para maghain ng reklamo ng diskriminasyon para sa iyong sarili o sa ibang tao tungkol sa isang programa na tumatanggap ng tulong pinansyal ng Pederal sa pamamagitan ng HHS, kumpletuhin ang form online sa pamamagitan ng Portal ng Reklamo ng OCR sa: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/. Makokontak mo rin ang OCR sa pamamagitan ng sulat sa: Centralized Case Management Operations, U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue, S.W., Room 509F HHH Bldg., Washington, D.C. 20201; Fax: (202) 619-3818; o mag-Email: OCRmail@hhs.gov. Para sa mas mabilis na pagproseso, hinihikayat ka naming gamitin ang online na portal ng OCR upang maghain ng mga reklamo sa halip na magsampa sa pamamagitan ng sulat. Ang mga taong nangangailangan ng tulong sa paghahain ng reklamo sa karapatang sibil ay maaaring mag-email sa OCR sa: OCRMail@hhs.gov or call OCR toll-free at 1-800-368-1019, TDD 1-800-537-7697. Para sa mga taong bingi, mahina ang pandinig, o may kahirapan sa pagsasalita, mangyaring i-dial ang 7-1-1 para ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Nagbibigay din kami ng mga alternatibong format (tulad ng Braille at malaking print), mga pantulong na tulong at mga serbisyong tulong sa wika nang walang bayad para sa paghahain ng reklamo.

Isang provider na nagbibigay ng patas na pagkakataon ang institusyon na ito.